## PAANO SAGUTAN ANG IYONG (MGA) FORM NG PAGHAHABOL

### PAKIBASA NANG MABUTI ANG MGA TALANG ITO

**Dapat mong kumpletuhin ang bawat seksyon ng form kabilang ang:**

- **Mga personal na detalye**– (mga) tao, negosyo, o departamento ng gobyerno na gumagawa ng paghahabol .

- **Mga detalye ng paghahabol –** pagkalugi at/o pinsalang dinanas bilang resulta ng kontaminasyon. Pakipili ang naaangkop na kategorya ng paghahabol (tingnan sa ibaba) at kumpletuhin ang (mga) seksyong nauugnay sa iyong (mga) paghahabol. Dapat mong kumpletuhin ang form para sa bawat negosyo kung saan ka naghahabol. Pakigamit ang mga ibinigay na checklist para sa bawat kategorya ng paghahabol.

- **Paghahayag** – kailangang ihayag ng mga naghahabol na ang kanilang mga paghahabol ay totoo at tumpak na paglalarawan ng kanilang mga pagkalugi. Sineseryoso ng Shipowners P&I Club at ng 1992 Fund ang pagpapahayag ng mga mapanlinlang na paghahabol o dokumentasyon at kung malalaman nilang may isinumiteng mapanlinlang na dokumentasyon, may karapatan silang ipaalam ito sa naaangkop na pambansang awtoridad.

Sa pamamagitan ng paglalagda sa form, itinuturing na sumang-ayon ang mga naghahabol sa pagsisiwalat ng impormasyong nilalaman ng form ng paghahabol at anumang sumusuportang katibayan sa mga kasangkot na partido sa pagbibigay ng kabayaran, ibig sabihin, sa insurer ng may-ari ng barko at sa 1992 Fund, ang kanilang mga eksperto at ang mga Hukumang may hurisdiksyon para sa insidenteng ito.

**Hindi isasaalang-alang ang iyong paghahabol kung hindi lalagdaan o lalagyan ng thumb-mark ang form**

### PAGPILI NG KATEGORYA NG PAGHAHABOL

Kung mayroon kang paghahabol sa isa o higit pa sa mga kategorya sa ibaba, dapat mong i-download (o kunin ang (mga) form mula sa CSO kung wala kang access sa computer) at kumpletuhin ang (mga) kaukulang form ng paghahabol:

| **KATEGORYA NG PAGHAHABOL** |
|---|
| Mga gastusin sa paglilinis at hakbang sa pag-iwas |
| Pinsala sa ari-arian (hal. paglilinis, pagkukumpuni, pagpapalit ng ari-arian na nakontamina ng langis tulad ng mga katawan ng mga sasakyang pandagat) |
| Pagkalugi sa ekonomiya sa mga pangisdaan, mariculture, at mga sektor ng pagpoproseso at pangangalakal ng isda |
| Pagkalugi sa ekonomiya sa sektor ng turismo at iba pang nauugnay na negosyo |

Nakadetalye ang partikular na sumusuportang katibayang kinakailangan bilang suporta sa bawat kategorya ng paghahabol sa Mga Checklist sa katapusan ng bawat seksyon ng form. Kung gusto mong

gamitin ang mga ito, may mga inilagay ring talahanayan ng reperensya sa Annex sa katapusan ng form para gabayan ka sa pagkalkula ng iyong pagkalugi/paghahabol.

Ang higit pang impormasyon tungkol sa pamantayang naaangkop as bawat kategorya ay available sa Manual ng Mga Paghahabol.

## KATIBAYAN PARA SUPORTAHAN ANG IYONG PAGHAHABOL

Dapat patunayan ng mga naghahabol ang kanilang pagkalugi sa pamamagitan ng pagbibigay ng naaangkop na katibayan. Maaaring kabilang sa katibayan ang mga larawan o video ng pinsala, mga liham ng pagkansela ng negosyo, mga till na resibo, mga invoice, mga rekord ng pagbebenta sa consignment, mga account sa buwis, atbp. Nakalagay ang mas detalyadong gabay sa kinakailangang katibayan sa nauugnay na form ng kategorya. Kung bibisitahin mo ang isa sa mga sentro ng pagkolekta ng mga paghahabol, pinapayuhan kang magdala ng mga orihinal na kopya ng lahat ng dokumentong ibibigay mo sa amin para gumawa kami ng mga kopyang ilalakip sa iyong paghahabol. Kung magpapasya kang isumite ang iyong form sa elektronikong paraan o sa pamamagitan ng koreo, pinapayuhan kang magpadala sa amin ng mga orihinal na kopya. Sa pagkakataong ito, pakitandaan na ibabalik lang ang mga sumusuportang dokumento kapag hiniling at karaniwan lang ito kapag nabayaran na ang paghahabol.

## KAPAG KINUKUMPLETO ANG FORM NA ITO NG PAGHAHABOL

1. Maaaring kumpletuhin ang form na ito ng paghahabol sa pamamagitan ng pagsusulat o sa format ng Word.

2. Kung kukumpletuhin ito sa pamamagitan ng pagsusulat, pakitiyak na magsusulat ka nang malinaw (gumamit ng mga BLOCK CAPITAL, gamit ang itim na tinta). Pinapayuhan kang gumamit ng mga blangkong piraso ng papel kung hindi sapat ang espasyo para sa iyong sagot, pero pakisaad nang malinaw kung sa aling tanong nauugnay ang mga ito.

3. Kung kukumpletuhin mo ang iyong paghahabol sa format na Word, lalawak ang mga inilagay na kahon habang naglalagay ka ng mga detalye ng iyong paghahabol, gayunpaman, maaaring maglagay ng mga karagdagang pahina at spreadsheet, basta't malinaw na isinasaad kung sa aling tanong nauugnay ang mga ito.

4. **Itatasa lang ang iyong paghahabol kung magbibigay ka ng sapat na impormasyon para patunayan ang iyong pagkalugi.** Kung hindi ka makakapagbigay ng naturang katibayan, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pagsusumite ng Mga Paghahabol para as payo tungkol sa pinakanaaangkop na paraan ng pagpapahayag ng iyong paghahabol.

5. **Mangyaring sumangguni sa impormasyong ibinigay sa Manual ng Paghahabol ng 1992 Fund**, na nagbibigay ng gabay tungkol sa pagiging katanggap-tanggap ng mga paghahabol at sa mga alituntunin ng 1992 Fund na naaangkop sa kategorya ng paghahabol. Maaaring i-download ang mga dokumentong ito mula sa seksyong Mga Paglalathala ng website ng IOPC Funds (www.iopcfunds.org). Bilang alternatibo,, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pagsusumite ng Mga Paghahabol sa address na ibinigay sa ibaba.

6. Mangyaring sumangguni sa mga checklist para sa kategorya ng paghahabol, na nagbibigay ng mga detalye tungkol sa impormasyong kakailanganin mong isumite bilang suporta ng iyong paghahabol. Paminsan-minan, maaaring magbigay ng karagdagang gabay ang Tanggapan ng Pagsusumite ng Mga Paghahabol kung kinakailangan.

Kung kailangan mo ng anumang tulong sa pagsagot sa form na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pagsusumite ng Mga Paghahabol o bisitahin ang isa sa mga punto ng pagkolekta ng mga paghahabol. Ikagagalak nilang sagutin ang iyong mga tanong at tulungan kang ihanda ang iyong paghahabol.

* * *

## KAPAG NAKUMPLETO MO NA ANG (MGA) FORM NG PAGHAHABOL

Kapag nakumpleto na ang form na ito, dapat itong lagdaan at:

| I-scan at ipadala sa pamamagitan ng email sa: | | Ipadala sa pamamagitan ng koreo o ihatid nang personal sa: |
|---|---|---|
| CSO_PE@iopcfundsclaims.org | **O** | PRINCESS EMPRESS CLAIMS SUBMISSION OFFICE<br>ABBJ Building<br>Barangay Sto. Nino, Calapan City<br>5200 Oriental Mindoro, Philippines |

Kung hindi nakumpleto ang iyong form at kailangan mo ng tulong sa pagsagot sa iyong form, pakibisita ang punto ng pagkolekta ng mga paghahabol sa Provincial Government of Oriental Mindoro, Oriental Mindoro Provincial Capitol 5200 Calapan o sa isa sa mga mobile na punto ng pagkolekta. Para sa higit pang impormasyon kaugnay ng iskedyul ng mga pagbisita, mangyaring makipag-ugnayan sa Kapitan ng iyong Barangay o sa Tanggapan ng Pagsusumite ng Mga Paghahabol.

Sa alinmang sitwasyon, **pakipadala ang (mga) nilagdaang form, kasama ng lahat ng sumusuportang dokumento, sa lalong madaling panahon.**

## ANG SUSUNOD NA MANGYAYARI

Susuriin ng mga eksperto (na maaaring bumisita sa iyo) ang iyong (mga) paghahabol batay sa impormasyong ibinigay mo sa mga form na ito. Iuulat ng mga eksperto ang kanilang mga matutuklasan sa Shipowners P&I Club at sa 1992 Fund, na magpapasya tungkol sa iyong (mga) paghahabol. Pagkatapos ay ipapaalam sa iyo ang resulta ng pagtatasa.

Hindi posibleng sabihin sa iyo kung gaano katagal bago itasa ang iyong paghahabol. Nakadepende ito sa kung nagbigay ka ng mga sapat na detalye para makatulong na itasa ang iyong paghahabol, kung gaano kakumplikado ang iyong paghahabol, at ang bilang ng iba pang paghahabol na isusumite. Bibigyan ang iyong paghahabol ng aming pinakamasusing atensyon para matiyak ang patas at tumpak na pagtatasa hangga't posible**. Kung hindi ka makakarinig mula sa amin sa loob ng apat na linggo, pinapayuhan kang makipag-ugnayan sa amin.**
Kung magkakaroon ka ng anumang tanong tungkol sa iyong paghahabol, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pagsusumite ng Mga Paghahabol.

* * *